ANG INTELEKTUWAL NA PAGHUHUKOM NG
DIYOS PARA SA HENERASYONG ITO

KUNG ANO ANG DARATING

ALPHA AT OMEGA

Magkaingay kayo nang may kagalakan sa Diyos, kayong lahat na lupain.



Ang Alpha at Omega ang awtor ng pambihirang Telepatikong Banal na Kasulatan. Nakapagsulat na siya ng 4,000 na iskrol hanggang 1978 sa Chile at Peru.



ANG INTELEKTUWAL NA PAGHUHUKOM NG DIYOS PARA SA HENERASYONG ITO.-

KUNG ANO ANG DARATING.-

DEPENDE SA BAWAT ISA KUNG ANO ANG DARATING; SAPAGKAT NAKASULAT NA HUHUSGAHAN ANG BAWAT ISA AYON SA KANILANG MGA GAWA; ANG BANAL NA PAGHUHUKOM NG DIYOS AY BINUBUO NG MGA IDEA MULA LABINDALAWANG TAONG GULANG PATAAS; SAPAGKAT ANG MGA BATA LAMANG ANG HINDI HUMAHARAP SA BANAL NA PAGHUHUKOM; ANG BANAL NA PAGHUHUKOM NG DIYOS AY PARA LAMANG SA MGA TINATAWAG NA MATANDA NA SA SINUBOK NA BUHAY; ANG INISIP SA ISANG SEGUNDO AY KATUMBAS NG BUONG PAG-IRAL; NA SANG-AYON SA KUNG PAANO ITO INISIP, MAAARING ITO AY MAGAANG PAG-IRAL NA NATAMO O MAGAANG PAG-IRAL NA NASAYANG; SAPAGKAT ANG MGA BAGAY NA PAG-AARI NG DIYOS AY WALANG KATAPUSAN; NAGHAHAIN ANG WALANG-HANGGAN NG MGA PAG-IRAL PARA SA MIKROSKOPIKONG MENTAL NA PAGSISIKAP.-

ALPHA AT OMEGA.-

ANG MGA TELEPATIKONG UTOS NI JEHOVA.-

MGA PAMAGAT NG MGA ISKROL SA HINAHARAP.-

1.– SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, MARAMI ANG HINDI TUMUPAD SA IBINIGAY NA SALITA, ANG MGA HINDI TUMUPAD AY HINDI MAKAPAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT; SA HINDI TUMUPAD SA KANIYANG PANGAKO SA IBA, ANG PANGAKO SA KANIYA NG IBA AY HINDI RIN MATUTUPAD; SINISIRA NG DI-MAPAGKAKATIWALAAN ANG MATIWASAY NA PAGSASAMA NG MGA TAO; MARAMI ANG NAWALAN NG TIWALA SA KANILANG KAPWA DAHIL SA MGA DI-MAASAHANG TAO; KAILANGANG MAGBAYAD NG MGA PAG-IRAL ANG DI-MAASAHAN SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, SA ANG KAKULANGAN NIYA NG RESPETO SA IBA; KATUMBAS ANG DAMI NG MGA PAG-IRAL NA ITO NG BILANG NG MGA PORO SA LAMAN NG NALINLANG; MAS

MATAAS ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG TAPAT SA LAHAT; KAYSA SA ISANG HINDI ALAM KUNG PAANO SASALUNGATIN ANG MENTAL NA PAGTUTOL SA KAKATWANG NAPAKONG PANGAKO.-

2.– SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, MARAMI ANG NAGPROTESTA LABAN SA KAWALAN NG KATARUNGAN SA KAKATWANG MUNDO, NA UMUSBONG MULA SA MGA KAKATWANG BATAS NG GINTO; ANG BAWAT PROTESTA LABAN SA ANUMANG KAKATWANG SISTEMA NG BUHAY, NA HINDI NAKASULAT SA KAHARIAN NG LANGIT AY LUBOS NA GAGANTIMPALAAN SA KAHARIAN NG LANGIT; SEGUNDO KADA SEGUNDO ANG SELESTIYAL NA GANTIMPALA AT BAWAT SEGUNDO AY DUMARAMI NG ISANG LIBO; SAPAGKAT ITO AY KOLEKTIBONG ISKOR; HINDI LAMANG PARA SA SARILI ANG PROTESTA; KASAMA RITO ANG IBA PA; SANGKOT SA ISKOR NA ITO ANG BUONG SANGKATAUHAN; NAGKAMIT NA NG MARAMING PUNTOS SA BUHAY ANG MGA NAGPROTESTA SA HARAP NG MARAMING TAO, SAPAGKAT ITO ANG KABUUANG BILANG NG MGA PORO NG LAMAN NG BUONG SANGKATAUHAN.-

3.– SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, MARAMI ANG PUMILI SA

MADALING OPSIYON; WALANG MADALI SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, WALANG MAKATATANGGAP NG GANTIMPALA; ANUMAN ANG MADALI AY PAUNANG GANTIMPALA SA ESPIRITU; ANG MGA PAGSUBOK SA BUHAY, UNTI-UNTI, AY NASA PAGPAPABUTI NG SARILI, SA LAHAT NG SENSASYONG PINAGDAANAN NG ESPIRITU; ANG SENSASYON NG KASAGANAHAN ANG SIYANG BUMANSOT SA ESPIRITWAL NA PRUTAS AT HUMATI RITO; SAPAGKAT INALIS NITO ANG ESPIRITU SA PAGGAWA; KINAKATAWAN NG PAGGAWA ANG PINAKAMATAAS NA ISKOR NG LIWANAG; SAPAGKAT NAGMULA ITO SA MISMONG DAKILANG MANLILIKHA NG SANSINUKOB; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT NG MGA SUMUNOD SA KUNG ANO ANG SA DIYOS, SA MALALAYONG PLANETA NG MGA PAGSUBOK; KAYSA SA MGA HINDI SUMUSUNOD SA KANIYA.-

4.– SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, MARAMI ANG WALANG PAKIALAM, SA MGA HINILING NILA SA KAHARIAN NG LANGIT; SINUBOK SA BUHAY, UNTI-UNTI, ANG BAWAT ISA; MAUNAWAAN ANG BATAS NA ITO, SAPAGKAT NATUTUTUHAN NG MUNDO NG MGA PAGSUBOK ANG IKATLONG DOKTRINANG HUHUSGA SA MUNDO; AT

LAHAT AY MAPAPANOOD SA SOLAR NA TELEBISYON; NA TINATAWAG SA AKLAT NG BUHAY SA BANAL NA SALITA.-

5.- SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, MARAMI ANG NAGHANAP SA KUNG ANO ANG IDINIKTA NG KANILANG ISIP; DAPAT NA ISINASAALANG-ALANG KUNG ANO ANG SA DIYOS SA BAWAT PAGHAHANAP, DAHIL ITO ANG IPINANGAKO NG ESPIRITU NG TAO; HUMAHARAP ANG PAGHAHANAP SA DIYOS SA MGA BATAS NITO NG PAGHAHANAP; BAWAT PAGHAHANAP AY HINAING SA DAKILANG AMANG JEHOVA, KAPAG WALA ANG BANAL NA SELYO NG DIYOS; HIGIT NA KARANIWAN ITO SA MGA NAGSASAALANG-ALANG SA DIYOS SA KANILANG PAGHAHANAP; KAYSA SA MGA HINDI NAGSASAALANG-ALANG SA KANIYA.-

6.- SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, MARAMI ANG NAGSULAT NG MAHUHUSAY NA AKDANG LIKHA NG UTAK; HINUHUSGAHAN ANG BAWAT AWTOR NG ANUMANG AKDA LETRA KADA LETRA, HINTO KADA HINTO; SAPAGKAT HINILING NILA BILANG MGA ESPIRITU NA HUSGAHAN HIGIT SA MGA NATATAROK NA BAGAY.-

7.- ANG MGA UMABUSO SA PAGTITIWALA NG IBA, SA

MGA PAGSUBOK SA BUHAY, AY MAGBABAYAD SEGUNDO KADA SEGUNDO; ANG ISKOR NA KARIMLAN NA ITO AY MAHIHINUHA SA MGA MAY SALA MULA SA SIMULA HANGGANG SA PAGTATAPOS NG KAKATWANG PAG-AABUSO NG TIWALA; SA KANILANG PAG-IRAL, NAGDULOT ANG MGA MAPANG-ABUSONG ITO NG KOLEKTIBONG PAG-AALINLANGAN SA MUNDO, ANG MGA BUMITIW SA BATAS NA ITO AY MAY KOLEKTIBONG PAGHUHUSGA LABAN SA KANIYA, AT ANG KAKAIBANG PAIT NA PINAGDAANAN NG MUNDO NG MGA PAGSUBOK, AY PINAGBABAYARAN NG MGA MAY SALA SEGUNDO KADA SEGUNDO, MOLEKULA KADA MOLEKULA; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG ISANG WALANG BAHID NG POOT NI ISANG MOLEKULA SA MUNDO; KAYSA SA MGA HINAHAYAAN ANG SARILING MAIMPLUWENSIYAHAN NG KAKATWANG KARIMLAN NA TINATAWAG NA PAG-AABUSO SA TIWALA.-

8.- SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, MARAMI ANG HINAYAANG SIRAIN ANG KANILANG KASAL DAHIL SA PERSONAL NA KAPRITSO, SA MGA GUMAWA NITO, NAKALIMUTAN NILA ANG BABALA NG PARABULA NA NAGSASABING: HUWAG MONG GAWIN SA IBA ANG AYAW

MONG GAWIN NILA SA IYO; ANG MGA HINAHAYAAN ANG SARILING MAIMPLUWENSIYAHAN NG KAKATWANG KAPRITSO AY MAGBABAYAD SEGUNDO KADA SEGUNDO; KAILANGAN NILANG KALKULAHIN ANG BILANG NG SEGUNDO MULA SA SIMULA HANGGANG PAGTATAPOS NG KAPRITSO; SAPAGKAT ANG BAWAT SEGUNDONG IGINUGUGOL SA KAKATWANG IMPLUWENSIYA NG KAPRITSO AY MAY KAAKIBAT NA PAG-IRAL LABAS SA KAHARIAN NG LANGIT; DAHIL ITO SA KUNG ANO ANG HINILING NG MGA NILALANG SA DIYOS, ANG PAGHUHUKOM HIGIT SA LAHAT, KABILANG DITO HIGIT SA LAHAT ANG PINAKAMALILIIT NA MAHAHARAYA NG ISIP; KABILANG DITO ANG MGA SEGUNDO, SAGLIT, IDEA, AT MOLEKULA; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG MGA SUMALUNGAT SA MENTAL NA PAGTUTOL SA KAKATWANG IMPLUWENSIYA NG KAPRITSO; KAYSA SA MGA NAKATULOG SA KAKATWANG SENSASYONG IYAN.-

9.- SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, INIMPLUWENSIYAHAN NG MARAMI ANG MARAMING IBA PA; BAWAT PAYO AY HINUHUSGAHAN SA BANAL NA HULING PAGHUHUKOM; ANG MGA NAGPAYO SA IBA NA MAGTAYO NG DIBISYON O

HUMIWALAY AY HAHARAP SA DIBISYON, PAGKAKAHIWALAY, KALITUHAN, KATARANTAHAN, PAGKAKAHATI SA BANAL NA PAGHUHUKOM NG DIYOS; MAGUGULUHAN SILA SA IBANG MGA PAG-IRAL, SA IBANG MGA MUNDO; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG MGA NAGKAKAISA, DAHIL SA KANILANG PAYO O OPINYON; KAYSA SA MGA NAGING SANHI NG PAGKAKAWATAK-WATAK.-

10.- ANG MGA NAGDULOT NG MASASAKIT NA SENSASYON SA IBA, MARARANASAN DIN NILA ANG MGA ITO SA PAG-IRAL NA ITO AT SA MGA DARATING PA; SAPAGKAT HINILING NILA SA DIYOS NA HUSGAHAN SA PAREHONG PARAAN SAPAGKAT NILABAG NILA ANG BATAS; SA PAMAMAGITAN NG MGA KATANGIANG GINAMIT NILA SA PAGLABAG DITO; ANG HUSTISYANG ITO NA HINILING NG MGA ESPIRITU; AY PINUPUNAN MOLEKULO KADA MOLEKULO, SEGUNDO KADA SEGUNDO; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG MGA SUMALUNGAT SA MENTAL NA PAGTULIGSA SA MGA SENSASYONG NAKASASAKIT SA IBA; KAYSA SA MGA HINAYAANG MAIMPLUWENSIYAHAN ANG SARILI NG MGA KAKATWANG SENSAYON.-

11.- SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, NAPAKAHALAGA NG ORAS PARA SA HUMILING NITO; ANG BAWAT SEGUNDONG NAGDAAN AY KATUMBAS NG PAG-IRAL SA HINAHARAP; ANG MGA NAGSAYANG NG ORAS AT WALANG GINAWA AY NAGSAYANG NG DI-MABILANG NA PAG-IRAL SA HINAHARAP; SA PAG-AAKSAYA NG KANILANG ORAS, ISINARA NILA ANG SARILING PASUKAN SA KAHARIAN NG LANGIT; UPANG MAKAPASOK SA KAHARIAN NG AMA, KAILANGANG MAGKAROON NG GANITONG ISKOR NG LIWANAG DAHIL ITO ANG BILANG NG MGA PORO SA LAMAN NA TAGLAY NG BAWAT ISA.-

12.- SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, MARAMI ANG SUMUNOD SA IBA; MAAARING NALAMAN NG SUMUNOD KUNG SINUNOD NG NAG-UTOS ANG BANAL NA BATAS NG DIYOS; ANG MGA SUMUNOD SA MGA BULAG SA KUNG ANO ANG SA DIYOS AY HINDI MAKAPAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT; ANG MGA NAGPASIMULA NG PAGLABAG O GUMAYA SA KANILA AY HINDI RIN MAKAPAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD MULING MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG ISANG PINILING HINDI SUMUNOD SA MGA HINDI TUMUTUPAD SA BATAS NG DIYOS NA; KAYSA SA MGA HINDI NAKAIGPAW SA

KADALIAN NG PAGSUNOD SA ISANG IMORAL.-

13.- SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, MARAMI ANG KUMUTYA SA MGA MAY PISIKAL NA KAPANSANAN; PAGBABAYARAN NG MGA GUMAWA NITO ANG KAKATWANG PAGLABAG NG MGA PAREHONG KAPANSANAN NG KANILANG KINUTYA; ANG KUMUTYA NG IBA SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY AY MAY TRILYONG MOLEKULA NG LAMAN AT KABUTIHAN SA BANAL NA PAGHUHUKOM NG DIYOS BILANG MGA NAGPAPARATANG, NA KATUMBAS NG LAHAT NG NASA KINUTYA; WALA NI ISANG NANGUTYA ANG MULING MAKAPAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT; KUNG PATATAWARIN SIYA NG TRILYONG MALILIIT, MAGPAPATAWAD DIN ANG DAKILANG AMA; KUNG HINDI MAGPAPATAWAD ANG TRILYON, KAILANGAN MULING PUNAN NG NANGUTYA ANG ISANG PAG-IRAL SA LABAS NG KAHARIAN NG LANGIT PARA SA BAWAT MOLEKULANG DUMARAING; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG MGA SUMASALUNGAT SA MENTAL NA PAGTULIGSA SA KAKATWANG PANGUNGUTYA; KAYSA SA MGA HINAYAAN ANG SARILING MAIMPLUWENSIYAHAN NG GANITONG KAKATWANG KARIMLAN.-

14.- ANG TINATAWAG NA IKATLONG DAIGDIG AY MUNDO NG TRINIDAD; ANG MUNDONG ITO ANG NAGIGING PUNO NG MGA KAPALARAN NG PLANETA; ANG MGA NAMAYANI AY GUMAGANAP NG PAPEL NG HULING ORDEN; NAGSISIMULA NANG GUMUHO ANG KAKATWANG MUNDONG UMUSBONG MULA SA KAKATWANG MGA BATAS NG GINTO; ANG MGA MAY MADALING MASIRANG LAMAN AY TATAWAGIN NG MGA MAKATATANGGAP NG RESUREKSIYON NG KANILANG LAMAN; ISANG MUNDONG MAGUGUNAW AT ISANG ISISILANG; MATATAPOS NA ANG MUNDO NG MGA PAGSUBOK; MAGSISIMULANG LUMAWAK ANG BAGONG MUNDO.-

15.- SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, MARAMI ANG NANIWALA NA ANG MGA NANGGALING SA DIYOS AY DUMATING UPANG KUMBINSIHIN SILA; HINDI KAILANGANG MANGUMBINSI NG KUNG ANO ANG SA DIYOS; AT SAPAGKAT WALANG PANGANGAILANGANG MANGUMBINSI, PINALALAWAK PA RIN NITO ANG SARILI; ANG PATALASTAS O PROPAGANDA AY SA TAO; ANG SA DIYOS AY PINALALAWAK SA PARAANG HINDI I NAPAPANSIN NG NILALANG NA SIYA AY BINABAGO; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT

ANG ISANG HINDI NAGTAKDA NG ANUMANG LIMITASYON SA DIYOS; KAYSA SA NAGLIMITA SA KANIYA.-

16.- HINDI SUMULONG NANG ILANG TAON ANG PAGDATING NG REBELASYONG HINILING NG MUNDO NG MGA PAGSUBOK; SAPAGKAT NAGKAMALI ANG MGA HUMILING NA UNANG MAKATANGGAP NITO SA PAGTURING DITO BILANG NANGGALING SA TAO; ANG PAG-ALAM KUNG ANO ANG SA DIYOS ANG TALAGA NILANG PAGSUBOK; WALANG NAGDUDA NANG MAKITA NILA ANG REBELASYON; HINDI LAHAT AY MULING MAKAPAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT; KAILANGAN NILANG BILANGIN ANG MGA SEGUNDONG NAGDAAN MULA SIMULA HANGGANG PAGTATAPOS NG KAKATWANG SENSAYON NG PAGTURING NA NANGGALING SA TAO ANG SA DIYOS; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG MGA HUMILING SA REBELASYON AT HINDI ITO IPINAGKANULO NANG DUMATING ANG PANAHON UPANG TANGGAPIN ITO; KAYSA SA MGA KAKATWANG NAIMPLUWENSIYAHAN NG NEGASYON.-

17.- KABILANG SA MGA SELESTIYAL NA ISKOR NA HINILING NG LAHAT ANG PINAKAMATAAS NA MORALIDAD NA

MATATAROK NG ISIP NG TAO; SINIRA NG KAKATWANG SISTEMA NG BUHAY NA MULA SA MGA BATAS NG GINTO ANG MGA MORALIDAD NA ITO; SINIMULAN NG MUNDO NG MGA PAGSUBOK ANG SARILI NITONG PAGLILITIS NA MAY SINIRANG ISKOR NG LIWANAG; NAGSIMULA ITO SA MUNTING GAWAD; PALIIT NANG PALIIT, UNTI-UNTI; DAHIL DITO KAYA NASULAT: SI SATANAS LAMANG ANG HUMAHATI, AT HINAHATI NIYA ANG SARILI; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG HINDI NAGPAIMPLUWENSIYA SA PAGHAHATI NG SARILI; KAYSA SA HINDI SUMALUNGAT SA MENTAL NA PAGTULIGSA SA GANITONG SENSASYON.-

18.- HINDI MULING MAKAPAPASOK SA KAHARIAN NG KALANGITAN ANG MGA NAGSABING ANTIKRISTO ANG REBELASYON NG KORDERSO NG DIYOS; SAPAGKAT HINDI SILA NAGTAGUMPAY SA SARILI NILANG PAGSUBOK, NA HINILING SA KAHARIAN NG LANGIT; KABILANG SA KANILANG MGA PAGSUBOK ANG HINDI PAGTATWA; ITINATWA NG LAHAT ANG MGA BAGAY NA HINDI NILA ALAM; ANG AGARANG PAGHUHUSGA NANG HINDI MAN LAMANG INAALAM ANG HINUHUSGAHAN AY LAGING NAGDUDULOT NG PAG-IYAK AT PAGNGALIT NG NGIPIN SA

MGA AGAD NA NAGHUSGA; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG MGA NAG-IMBESTIGA BAGO HUMUSGA; KAYSA SA MGA AGAD NA HUMUSGA.

19.- TATANGGALIN ANG KARAPATANG MULING MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG LAHAT NG WALANG KAPARARAKANG NANG-AGAW NG NASYONALIDAD NG IBA; KASAMA SA BANSANG HINILING NG LAHAT SA DIYOS ANG LAHAT NG PLANETA; IDARAING NG MGA PLANETARYONG MOLEKULA SA HARAP NG ANAK NG DIYOS NA HINDI ITINURING NG MARAMING TAO NA KARANIWAN ANG MGA ITO; HINILING NG LAHAT ANG KARANIWAN SA KAHARIAN NG LANGIT; WALANG HUMILING NG PAGWAWALANG-BAHALA AT PAGKUHA NG KUNG ANUMAN MULA SA IBA; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG MGA NAGTURING NA ANG BUONG PLANETA AY KANILANG BANSA SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY; KAYSA SA MGA NAGTUTURING LAMANG SA SARILI NA BAHAGI NITO; ANG HULI AY NAGSAYANG NG DI-MABILANG NA ISKOR NG LIWANAG NA TINATAWAG NA ISKOR NA PLANETARYONG MOLEKULAR; NA ANG IMPINITONG NUMERO NITO AY MAGPAPAPASOK MULI

SA KANILA SA KAHARIAN NG LANGIT; NAKASULAT SA MUNDO NG MGA PAGSUBOK NA SI SATANAS LAMANG ANG HUMAHATI, AT HINAHATI NIYA ANG SARILI.-

20.- ANG SIKOLOHIYA NG MGA TANDANG PANIPI AY KAKATWANG SIKOLOHIYA SA KAWALANG-MALAY NG LAHAT NA UMIIRAL; HINDI NAKAPAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG LUMIKHA NG LAHAT NG PAGDUDUDA GAANO MAN KALIIT ANG MGA ITO; GAYUNDIN ANG MGA GUMAMIT NG MGA TANDANG PANIPI SA KANILANG MGA PAHAYAG, SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, WALA NI ISANG NAKAPAPASOK MULI SA KAHARIAN NG LANGIT; HINDI RIN MAKAPAPASOK ANG MGA GUMAMIT NG MGA TANDANG PANIPI UPANG IPAHAYAG ANG BALITA NG AMA SA MUNDO NG MGA PAGSUBOK; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG MGA NAGTUTURING NA NATURAL SA IMPINITO AT SA DI-MATUKOY; KAYSA SA MGA NAGPAPAHAYAG NG PAG-AALINLANGAN.-

21.- KAILANGANG WALANG ANUMANG BAHID NG PAG-AALINLANGAN MGA TINATAWAG NA TAGAPAGPAHAYAG NG MUNDO SA PAGTANGGAP SA REBELASYON NG MGA ROLYO

NG KORDERO NG DIYOS; ANG PAGTINGIN SA KUNG ANO ANG SA DIYOS BILANG BAGAY NA PRODUKTO NG TAO AY NAGBIBIGAY NG PUWANG SA PAGHUHUKOM SA NGALAN NG DIYOS; BINUBUO NG PAGIGING HANDA SA PAGDATING NG BAGONG REBELASYON ANG MGA PAGSUBOK SA BUHAY; SAPAGKAT ANG ESPIRITU NG TAO MISMO ANG HUMILING SA BAWAT REBELASYONG DUMATING SA MUNDO; MAS MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAKAPASOK SA KAHARIAN NG LANGIT ANG MGA TAGAPAGPAHAYAG NA TUMANGGAP SA REBELASYON BILANG PINAKADAKILANG BALITA SA LAHAT NG PANAHON; SAPAGKAT ANG PAGMAMALIIT SA ISANG BAGAY NA NANGGALING SA AMA AY PAGMAMALIIT SA AMA; WALANG NAGTURING NA NATATANGI ANG KANILANG HINILING SA KAHARIAN NG LANGIT; ITINURING NILA ITONG KARANIWANG BALITA NA MULA SA MISMONG MUNDO; MATATANGGAP DIN NILA ANG PAGHUHUKOM BILANG ISANG KARANIWANG BAGAY.-

22.- SA MGA PAGSUBOK SA BUHAY, MARAMING PAGLABAG AT MARAMING URI NG PANG-AABUSO ANG GINAWA; MAKIKITA ANG LAHAT NG ITO SA SOLAR NA TELEBISYON NA TINATAWAG DING AKLAT NG BUHAY; WALA AT WALANG MAIIWANG HINDI NALILITIS; HINILING NG LAHAT ANG

HULING PAGTUTUNGGALI NG MABUTI AT MASAMA BAGO SUMAPIT ANG ARAW NG PAGHUHUKOM; ANG PAGHUHUKOM AY SEGUNDO KADA SEGUNDO; ANUMAN ANG MGA IDEA, ANG MGA IDEANG NALIKHA SA LOOB NG ISANG SEGUNDO, LAHAT SILA AY MAKATATANGGAP NG PAREHONG PAGHUHUSGA; SIMULA ITO SA EDAD NA LABINDALAWANG TAON; WALANG PAGHUHUKOM ANG MGA BATA; SILA AY PINAGPALA.-

Sinulat ng ALPHA at OMEGA.-

Kailan nagsimula ang matagal nang hinihintay na Rebelasyon?

Ang sumusunod ay transkripsiyon ng cassette, nirekord ng Emisaryong Alpha at Omega sa Lima.

- ALPHA AT OMEGA: Katulad din ninyo ako; noon pa man, katulad na ninyo ako; ang

kaibahan lamang, isinasagawa ko rito ang mga kautusan; sinabi minsan sa akin ng Ama, ipinasulat Niya sa akin sa isang papel na nasa akin pa; sinabi Niya sa akin ang mensahe, ipinasulat Niya sa akin; naaalaala ko ang sinulat ko: Anak, mamili ka, nais mo pang pagsilbihan ang Diyos o ipagpatuloy ang iyong makamundong buhay?; isa itong pamimili, sapagkat humiling ka ng kalayaang mamili sa buhay, katulad ng iba pa; binigyan Niya ako ng tatlong minuto upang mag-isip; kailangang linawin... na binigyan niya ako ng pagkakataong mamili; pagkatapos, sinabi ko sa Kaniya... tutugon ako sa Kaniya sa paraang telepatiko- Hindi, Anak, isulat mo, katulad ng hiniling mong isulat ito; bawat sensasyon ay hinihiling sa Diyos, at sinabi ko sa Kaniya: Amang Jehova, sumusunod ako sa inyo, sapagkat ang sa tao ay walang-hanggan, mas nanaisin kong sumunod sa isang maituturing na walang-hanggan.

- Kapatid (lalaki): Ngunit bata ka pa noong panahong iyon?

- ALPHA AT OMEGA: Oo, bata pa ako.

- Kapatid (lalaki): Pitong taong gulang, at nakauunawa ka na?

- ALPHA AT OMEGA: Oo, oo; ang papel na nasa akin pa, dinilaw ng panahon, manilaw-nilaw; itinago ko sa maleta, nariyan lamang; at sinabi sa akin ng Ama: Oo, anak, alam ko, ngunit kailangan mong mapagtagumpayan ang pagsubok; kahit na alam ito ng Walang-hanggan, kailangan mong mapagtagumpayan ang pagsubok; kung hindi mo ito napagtagumpayan, wala kang makukuhang anumang karanasan.

- Kapatid (babae): Nasorpresa ka ba Niya nang

ganoon lamang; sabihin natin, ganoon lamang, di-inaasahang pinili ka Niya?

- ALPHA AT OMEGA: Oo, sasabihin ko ito sa iyo, lahat ng matatarok na bagay ay hinihiling sa Diyos, katulad ng iba pang hinihiling na maimbento, hiniling kong malantad, bawat isa sa batas na ito ay hiniling sa Diyos.

Hindi eksklusibo kaninuman ang mga bagay ng Diyos.

• SIYENSIYA • MORAL • SIKOLOHIYA • GALAKTIKONG PILOSOPIYA • BANAL NA KATARUNGAN

Magkaingay kayo nang may kagalakan sa Diyos, kayong lahat na lupain. Mga Awit100

Sapagkat tuwirang makikipag-ugnayan sa lahat
ang Manlilikha ng Sansinukob; sa pamamagitan ng
Telepatikong Banal na Kasulatan.

Maligayang pagdating sa proyekto ng pagsasalin.

Inihahain namin ang mga salin ng Telepatikong Mensahe, sa Alpha o inisyal nitong yugto. Nakasulat sa Espanyol ang Mensahe.

Kailangang suriin ng Planetaryong Komunidad ang mga salin upang magkaroon ng pinakamahusay na salin.

Mada-download mo ang mga libro sa isang klik lamang.

Ang Selestiyal na Siyensiya ay ang Telepatikong Banal na Kasulatan; at ang Kordero ng Diyos ang simbolo nito.

Ang Alpha at Omega ang awtor ng pambihirang Telepatikong Banal na Kasulatan. Nakapagsulat na siya ng 4,000 na iskrol hanggang 1978 sa Chile at Peru.

Ang banal na Rebelasyong ito ay tinatalakay sa aklat ng Rebelasyon bilang Rolyo at bilang Kordero (Kabanata 5).

Ipinaliliwanag ng Selestiyal na Siyensiya ang pinagmulan ng lahat ng bagay at ipinahahayag kung ano ang darating.

Naghintay ang Rebelasyon ng ilang siglo.

Lalaganap ang Rebelasyon sa buong Daigdig at isasalin sa lahat ng wika sa mundo; at walang interprete o tagasalin ang hindi lalahok dito; sapagkat ang bawat titik na isinalin ay liwanag na napagtagumpayan.

Narito ang Rebelasyon ng mga Selyo; at ngangahulugang ang sugo ng Ama lamang ang makapagsusulat ng mga

Rolyo ng Kordero ng Diyos.

Lahat ng Rebelasyo ng Kordero ng Diyos ay nasa mga rolyo ng maninipis na papel at karton; na matutupad ang banal na kasulatan, maibabahagi sa mundo; nasa isa sa mga bisyon ng Banal na kasulatan ang mga rolyo; at walang katapusan sa kaalamang ito.

Ang Iskrol at ang Kordero (Apokalipsis 5)

Selestiyal na Siyensiya



Ang Iskrol at ang Kordero
(Apokalipsis 5)

Bisitahin ang
https://www.alfayomega.com/tl/ at
basahin ang KUNG ANO ANG DARATING,
SELESTIYAL NA SIYENSYA.

https://www.facebook.com/RevelacionAlfayOmega/